Asia Pacific Journal of Advanced Education and Technology
P- ISSN 2815 – 245X / E – ISSN 2815 – 2468 / www.apjaet.com

Wikang Filipino sa Facebook bilang Rehistro ng Komunikasyon

Nicole G. Dagohoy[1]; Hazel Jane M. Faderagao[2]; Liezel T. Umali[3]; Dr. Maria Perpetua C. Mercado[4]
https://orcid.org/0000-0002-2604-7339[1], https://orcid.org/ 0000-0003-2790-2867[2],
https://orcid.org/0000-0001-7692-4013[3], https://orcid.org/ 0000-0002-0750-7141[4]
nicole.dagohoy@g.batstate-u.edu.ph[1], hazeljane.faderagao@g.batstate-u.edu.ph[2],
liezel.umali@g.batstate-u.edu.ph[3], mariaperpetua.mercado@g.batstate-u.edu.ph[4]
College of Teacher Education, Batangas State University-The National Engineering University
Philippines

Abstrak

Ang wikang Filipino ay maituturing na buhay, sapagkat sa bawat panahon ay patuloy itong nagbabago gaya na lamang ng baybay, kahulugan at estruktura ng isang salita. Sa makabagong panahon, kung kailan palasak ang mga *social media platform* tulad ng *facebook* na isang lunsaran ng komunikasyon, dito litaw na masasaksihan ang pagbabago sa wika bilang pangunahing sangkap sa pakikipag-ugnayan. Kaya naman, sinuri ng mga mag-aaral ang antas ng wikang Filipino na karaniwang ginagamit sa *facebook* na nilimitahan sa panahon ng pandemya. Gayundin, kabilang sa pag-aaral na ito ang mga pagbabagong naganap sa isang salita sa loob ng komunidad ng *facebook* upang maunawaan ang sitwasyong pangwika sa kasalukuyang panahon. Mula dito, lumitaw na sa pormal na antas ng wika ay pambansa ang karaniwang ginagamit at napakabihira ng pagtangkilik sa pampanitikang antas sa panahon ng pandemya dito sa atin sa Pilipinas. Samantalang pinakamadalas ang balbal para sa impormal na antas ng wika, sinundan ito ng kolokyal at lalawiganin. Batay sa pag-aaral mayroong mga salitang sumisibol sa partikular na panahon at sitwasyon gaya nang sa panahon ng pandemya. Litaw ang mga pagbabago tulad ng kumbinasyon, pagbabawas at pagdadaragdag, at pagbabaligtad ng mga salita sa wikang Filipino. Ang pag-aaral na ito ay mayroong awtput na nasa anyong *booklet* na naglalaman ng mga gawaing pampagsasanay sa mga mag-aaral upang higit na maunawaan ang kasalukuyang antas ng wikang Filipino. Sa huli, hangad ng pag-aaral na ito ang mas malalim na pag-aaral sa kasalukuyang antas ng wika upang higit itong mapagyaman at mapa-unlad.

Keywords: Wika, Baybay, Estruktura, Pandemya, Facebook, Pilipinas,